# *Ginagawa Mo ba ang Kalooban ng Dios ang Pagpapatuloy Yugto 9*
# *Ang Pagpapakumbaba –*
# *Ang kababaang loob ay magdadala ng biyaya ng Dios*

***"1 Sa matatanda nga sa inyo'y umaaral ako, akong matandang kasamahan ninyo, at isang saksi ng mga hirap ni Cristo, na may bahagi naman sa kaluwalhatiang ihahayag:2 Pangalagaan ninyo ang kawan ng Dios na nasa inyo, na magsigamit kayo ng pagpupuno, na hindi sapilitan, kundi may kasayahan, na ayon sa kalooban ng Dios; ni hindi dahil sa mahalay na kapakinabangan, kundi sa handang pagiisip;3 Ni hindi din naman ang gaya ng kayo'y may pagkapanginoon sa pinangangasiwaang ipinagtagubilin sa inyo, kundi kayo'y maging mga uliran ng kawan,4 At pagkahayag ng pangulong Pastor, ay magsisitanggap kayo ng di nasisirang putong ng kaluwalhatian,5 Gayon din naman, kayong mga kabataan, ay magsisuko sa matatanda. Oo, kayong lahat ay mangagbigkis ng kapakumbabaan, na kayo-kayo'y maglingkuran: sapagka't ang Dios ay sumasalangsang sa mga palalo, datapuwa't nagbibigay ng biyaya sa mga mapagpakumbaba.6 Kaya't kayo'y mangagpakababa sa ilalim ng makapangyarihang kamay ng Dios, upang kayo'y kaniyang itaas sa kapanahunan;7 Na inyong ilagak sa kaniya ang lahat ng inyong kabalisahan, sapagka't kayo'y ipinagmamalasakit niya.8 Kayo'y maging mapagpigil, kayo'y maging mapagpuyat; ang inyong kalaban na diablo, na gaya ng leong umuungal, ay gumagala na humahanap ng masisila niya:9 Na siya'y labanan ninyong matatag sa inyong pananampalataya, yamang inyong nalalaman na ang mga gayong hirap ay nagaganap sa inyong mga kapatid na nangasa sanglibutan.10 At ang Dios ng buong biyaya na sa inyo'y tumawag sa kaniyang walang hanggang kaluwalhatian kay Cristo, pagkatapos na kayo'y makapagbatang sangdaling panahon, ay siya rin ang magpapasakdal, magpapatibay, at magpapalakas sa inyo11 Sumasakaniya nawa ang paghahari magpakailan man. Siya nawa.12 Sa pamamagitan ni Silvano, na tapat nating kapatid, ayon sa aking palagay sa kaniya, ay sinulatan ko kayo ng maiksi, na aking iniaaral at sinasaksihan na ito ang tunay na biyaya ng Dios: magsitibay kayo dito.13 Binabati kayo ng nasa Babilonia, na kasamang hinirang; at ni Marcos na aking anak.14 Mangagbatian kayo ng halik ng pagibig. Kapayapaan nawa ang sumainyong lahat na na kay Cristo." (1 Pedro 5:1-14)***

Tayo'y magpapatuloy sa bahaging ito mula sa bersekulo 5.

***"5 Gayon din naman, kayong mga kabataan, ay magsisuko sa matatanda. Oo, kayong lahat ay mangagbigkis ng kapakumbabaan, na kayo-kayo'y maglingkuran: sapagka't ang Dios ay sumasalangsang sa mga palalo, datapuwa't nagbibigay ng biyaya sa mga mapagpakumbaba." (1Pedro 5:5)***

***"Gayon din naman, kayong mga kabataan, ay magsisuko sa matatanda":*** Dito si Apostol Pedro ay nagsimulang magsalita sa mga kabataan at pinayuhan sila na magpasakop at magsailalim sa pagtuturo ng matatanda, dahil iyon ay para sa kanilang pakinabang. Ang kanilang pagpapasakop sa matatanda ay nagpapakita na sila'y mapagkumbaba at may kababaang loob, kaya, dahil doon sila'y gagantimpalaan at itataguyod sa pamamagitan ng biyaya ng Dios. Ang pagpapasakop sa matatanda ito'y nagpapakita din ng karunungan at kaunawaan dahil ang matatanda ay may higit na karanasan kaysa sa mga nakababata at papangunahan sila sa mas mabuting daan. Mas kilala ng matatanda ang Dios, mas kilala ang Kanyang kalooban ng mas mabuti, mas kilala ang Salita ng Dios ng mas mabuti, at sila ay mas mahusay na karanasan sa buhay kaysa sa nakababata.

***"Oo, kayong lahat ay magpasakop, na kayo-kayo'y maglingkuran":*** Dito upang magpasailalim at magpaskop sa isa't isa gaya sa ***Epeso 5:21 "Na pasakop kayo sa inyo-inyong sariling asawa, gaya ng sa Panginoon."*** * *Hindi ito ang usapin kung matanda o mas bata kundi kung ano ang sinasabi ng Salita ng Dios. Kung ang isang nakababata ay sinabi sa akin ang salita na tama ayon sa Banal na Kasulatan kailangan kong sundin ang Salitang ito ng Dios.*

***"At mangagbigkis ng kapakumbabaan":*** ** Ang matatanda at ang nakababata ay dapat mangabigkisan ng kapakumbabaan. * Ang matatanda ay bihisan nila ang kanilang sarili ng pagpapakumbaba kapag patuloy nilang handang tutulan at labanan ng nakababata at handang patuloy na abutin ang bagong mga tao at gamitin ang kanilang tuntunin sa pagpapakain sa kawan at pagkuha sa pangangasiwa. Ang nakababata ay magbihis ng kapakumbabaan kapag sila'y handang sumunod sa mga tagubilin ng matatanda na inilagay sa kanila ng Panginoon, at kapag handa nilang isuko ang kanilang sariling plano at kalooban.*

Walang makakuha ng biyaya ng Dios nang mabilis kaysa pagmamataas, pagmamayabang, at ang kawalan ng kababaang loob: ***"Sapagka't ang Dios ay sumasalangsang sa mga palalo, datapuwa't nagbibigay ng biyaya sa mga mapagpakumbaba." (1 Pedro 5:5)*** ** Ang higit na tayo'y tumangging magdusa bilang matatanda at lumaban na sumunod sa Dios at humayo at gawin ang ipinapagawa Niya sa atin na pangalagaan ang nakababata at abutin ang mga bagong tao at idisipolo sila, ang higit na tayo ay nilalabanan ng Dios. * Ngunit habang mas nagpapasakop tayo sa Kanyang mga tagubilin na humayo at gawin ang gawain, ang higit na tayo ay may kaginhawaan sa biyaya ng Dios at mahusay na nabibigyan at matagumpay na ginagabayan sa pamamagitan Niya.*

**At para sa nakababata ang higit na sila'y tumatangging sumunod sa tagubilin ng Dios sa pamamagitan ng matatanda, ang higit na sila'y sumasalungat sa Dios. * Ang kababaang loob ay kanilang kagustuhan na makinig sa mga tagubilin ng matatanda at ang kanilang kahandaan maghintay para sa mga pangako ng Dios na matupad sa Kanyang tamang panahon.*

Aking sasabihin ngayon ang tungkol sa isang suliranin, tayo bilang simbahan ay nagsisi sa ating kalagitnaan. Sa paglipas ng panahon tayo ay inutusan ng Dios sa pamamagitan ng Kanyang Salita tungkol sa paghahanda ng makaDios na pag-aasawa. Dahil sa pagkabigo at kakulangan ng paghahanda sa pag-aasawa tayo ay naglagay ng pamantayan para sa pag-aasawa ito'y naglalaman ng dalawang aspeto,

*una*, ang kahandaaan ng lalaki at ng babae sa espirituwal at sa materyal na maging karapat dapat para sa gawa ng pag-aasawa, *pangalawa*, ang tinig ng Banal ng Espiritu upang patunayan ang kabiyak na inihanda ng Dios para sa natatangin lalake at babae. Sinimulan natin isagawa iyon mula sa ilang mga taon, ngunit marami sa mga kabataan, marami sa kanila ay hindi tumalima, at sila'y naunang umalis upang mag-asawa ng walanag kahandaan o nakakuha ng maling kabiyak. Ngayon sa mga handa at hindi naghintay sa Dios, sila'y umalis sa simbahan upang mag-asawa sa kanilang gusto, sa kanilang sariling pagpili, sa kanilang sariling kalooban at sa hawig ng kultura na kung saan sila'y nagmula. At maging para sa atin, hindi natin sila gustong panatilihin sa simbahan pagkatapos nilang mag-asawa sa kanilang sarili ng maling kabiyak at maging masamang halimbawa sa ibang upang sundan. Ngayon pagkatapos nilang umalis sa simbahan at sa loob ng panahon ng 6-12 buwan pagkatapos ng kanilang pag-alis, napansin natin na ang Dios ay nagpadala ng isang tao sa simbahan na maaring maging karapatdapat na kabiyak sa lalaking iyon o sa babaeng iyon na umalis o inalis mula sa simbahan pagkatapos mag-asawa sa kanilang sariling kalooban. Samakatuwid ay sasabihin namin kung ang taong iyon ay mananatili ngayon narito ang kabiyak na para sa kanya. Nagsimula pa nga akong magtanong sa Dios, bakit hindi mo isinugo ang taong iyon ng mas maaga at pinaginhawa mo kami? Sinagot niya ako, Sinagot Niya ako, ***"sapagka't ang Dios ay sumasalangsang sa mga palalo, datapuwa't nagbibigay ng biyaya sa mga mapagpakumbaba." (1 Pedro 5:5)*** Sinabi Niya din, kailangan nilang maghintay sa akin hanggang Ako ay dumating sa kung anong Aking ipinangako sa kanila. *Makinig, kabataan, hindi mo magagawang madaliin ang Dios sa iyong pagsalangsang Maari mong madaliin ang matatanda ngunit hindi mo magagawang manipulahain ang Dios sa iyong pagsuway at hindi matatangap ang Kanyang biyaya maliban na ikaw ay magpakumbaba at magsisi*.

Tayo bilang matatanda, ang ating kahandaan na huwag makipagkompromiso sa nakababata upang mapasaya ang Dios, ay ipagpaparangalan ng Panginoon at ito'y maituturing na pagpapakumbaba sa harapan ng Dios kapag hindi tayo umaasa na tatanggap ng tulong mula sa mga tao o kapag hindi hindi tayo natatakot sa mga tao.

***"6 Kaya't kayo'y mangagpakababa sa ilalim ng makapangyarihang kamay ng Dios, upang kayo'y kaniyang itaas sa kapanahunan;" (1 Pedro 5:6)*** *Narito ngayon ang kabuuan ng mga bagay, alinman sa matatanda o nakababata ang lahat ay mangagpakababa sa kanyang sarili sa ilalim ng makapangyarihang kamay ng Dios, ang matanda ay magtiyaga para pangunahan ang nakababata, upang pangunahan ang ating mga anak, ang ating mga disipolo at ang mga kawan ng Dios at ang nakababata upang magpasakop sa mga tagubulin ng Dios na ipinapadala niya sa Kanyang simbahan sa pamamagitan ng matatanda.*

Ang gayong pagpapasakop ng dalawa sa kaloobang ito ng Dios ay ang kanilang pagpapasakop sa makapangyarihang kamay ng Dios, at sa makapangyarihang kamay na ito ay itataas sila sa takdang panahon. Habang tayo'y nagpakumbaba sa kamay ng Dios at isinuko ang ating kalooban sa Kanya, tayo ay itataas ng Panginoon. Habang ating ibinababa ang ating sarili, ang Kanyang biyaya ay makakarating sa atin at itataguyod pa tayo ng Panginoon.

Bilang matatanda patuloy tayong magpakumbaba sa harapan ng Dios, kahit na tayo'y nagtuturo sa marami at sila'y naunang umalis sa kanilang sariling plano o kalooban, na hindi nakapagpahina sa akin na humayo at tulungan ang ibang kabataan at pangalagaan sila. Sa mga aking pinangalagaan at inaruga, ngunit sila'y umalis sa kanilang sariling plano at kalooban, Mayroon pa rin akong gantimpala mula sa Dios sa aking pagaalaga sa kanila, Mayroon akong malaking kapital sa Langit, maging sa ngayon ang aking hinahangad ay paramihin ito at magkaroon ng mas mataas na gantimpala mula sa Dios habang aking ibinababa ang aking sarili at magpatuloy na pangalagaan ang iba. Ganon din sa mga umalis kailangan nilang bumalik sa Dios at sundin ang Kanyang utos upang sila'y makarating sa Langit.

***"7 Na inyong ilagak sa kaniya ang lahat ng inyong kabalisahan, sapagka't kayo'y ipinagmamalasakit niya." (1 Pedro 5:8)*** Pinagmamalasakitan tayo ng Dios at Siya ang magbibigay para ating pangangilangan. Habang handa nating isuko ang ating sariling mga landas at isantabi ang ating mga pangarap at kagustuhan at ang ating sariling mga plano at sundin ang Dios, aalagaan Niya tayo at aalalayan tayo. Huwag mo ring isipin na hindi nalalaman ng Dios o batid ang mga kaguluhan na ating pinagdadaanan. Siya ay naririyan lamang sa tabi mo sa lahat ng mga paghihirap na iyong pinagdaraanan at tiyak na Siya ay nagmamalasakit at patuloy ka Niyang pagmamalasakitan.

***"8 Kayo'y maging mapagpigil, kayo'y maging mapagpuyat; ang inyong kalaban na diablo, na gaya ng leong umuungal, ay gumagala na humahanap ng masisila niya:" (1 Pedro 5:8)*** Ngayon ang lahat ng mga paliwanag sa itaas ay kinakailangan upang maiwasan mo ang isang tiyak at mas malalim na panganib sa iyong buhay at ang panganib na iyon ay ang diablo na gumagala sa palibot at pinagmamasdan ka at naghihintay kung possible na lusubin ka at bigyang kapangyarihan. Maging mapagbantay at maging alisto sa pagsunod sa lahat ng mga tagubilin na magpakumbaba sa harapan ng Dios sa paglalarawan na kailangan Niya na ikaw ay maging; ang mamuhay sa pananalangin at magtiwala sa Kanya na patuloy Niyang aalagaan ka at itaas ka sa panahon ng mga kaguluhan at aliwin ka sa lahat ng iyong mga pkikibaka at sa ganoong paraan iyong maiiwasan ang gagawin ng diablo laban sa iyo. Kung hindi man, kung ikaw ay hindi tatalima sa mga tagubiling ito ay magiging madali para sa diablo na salakayin ka at lamunin ka.

***"9 Na siya'y labanan ninyong matatag sa inyong pananampalataya, yamang inyong nalalaman na ang mga gayong hirap ay nagaganap sa inyong mga kapatid na nangasa sanglibutan." (1 Pedro 5:9)*** Ito ang pakikibaka na nalalantad ang lahat ng mga kapatiran sa buong mundo at iyon ang paglalarawan kung paano nila nilalabanan ito. Ang pagpapakumbaba ay magdadala sa atin ng biyaya ng Dios at magbibigay-kakayahan sa atin na labanan at maprotektahan. *Ang pagmamalaki, kayabangan, at kawalan ng pagpapakumbaba, paggawa ng ating kagustuhan, kasigasigan ng walang kaalaman ay magawang salungatin tayo ng Dios, pinagkakaitan ang ating sarili ng biyaya ng Dios, at mas madali tayong salakayin ng diablo.*

***"10 At ang Dios ng buong biyaya na sa inyo'y tumawag sa kaniyang walang hanggang kaluwalhatian kay Cristo, pagkatapos na kayo'y makapagbatang sangdaling panahon, ay siya rin ang magpapasakdal, magpapatibay, at magpapalakas sa inyo." (1 Pedro***

***5:10)*** Ang gayong mga pagsubok at ang paraan ng pagharap natin sa mga ito ayon sa itinagubilin ay mag aanyaya sa Dios na tulungan tayo at palakasin tayo at ito ay magiging pagpapala sa atin, sapagkat ipapahintulot ng Dios ang gayong mga pagkakataon ng pakikipag ugnayan sa pagitan ng mga matatanda at ng nakababata upang gawing sakdal, itatag tayo, palakasin at gawin tayong manatili, magkaroon ng bunga ang ating pinagdaanan ***"11 masakaniya nawa ang paghahari magpakailan man. Siya nawa." (1 Pedro 5:11)*** Papuri sa Dios na na siya ang nagpapalakas sa atin at nagpapatatag sa atin sa ganoong kamanghá manghang paraan

Dito si Apotol Pedro sa wakas ng kanyang mensahe sa matatanda at sa nakababata siya ay nagbigay ng halimbawa sa dalawang kabataang tao; si Silvanus at Marcus.

***"12 Sa pamamagitan ni Silvano, na tapat nating kapatid, ayon sa aking palagay sa kaniya, ay sinulatan ko kayo ng maiksi, na aking iniaaral at sinasaksihan na ito ang tunay na biyaya ng Dios: magsitibay kayo dito." (1 Pedro 5:12)*** Si Pedro sa sulat na ito na sumulat sa katawan ni Cristo at sa atin ngayon ng Kanyang simbahan ang isang maikling pagpapahayag na tutulong sa atin upang maunawaan kung paano tayo maaring manindigan sa biyaya ng Dios. Ipinadala ni Pedro ang sulat na ito sa simbahan mula sa Roma sa pamamagitan ng isang matapat na kapatid na ang kanyang pangalan ay Silvanus. Kapag ikaw ay tapat, ikaw ay gagamitin ng Dios at ipapadala ang mensahe sa iyo sa mga tao na kailangan ng tulong ng Dios sa kanilang buhay.

Sa sulat na ipinadala niya sa kanila ng mga pagbati mula sa simbahan sa Roma, na tinawag ditto na Babilonia, na ibig sabihin ni Pedro ay Roma, ***"13 Binabati kayo ng nasa Babilonia, na kasamang hinirang; at ni Marcos na aking anak." (1 Pedro 5:13)*** **"na kasamang hinirang",** ibig sabihin walang pagkakaiba para sa mga nakatanggap ng biyaya, sapagkat sila'y hinirang ng Dios. Nang kanyang sinabi, ***"at ni Marcos na aking anak.",*** Si Marcos ay maaring maging kanyang tunay na anak o si Marcos ay kanyang spirituwal na anak, gaya ni Timoteo kay Pablo. Si Marcos o si Marcos ay maari ding pinsan ni Barnabas gaya ng sinulat ni Pablo tungkol sa kanya dito: ***"Binabati kayo ni Aristaco na kasama ko sa bilangguan, at ni Marcos na pinsan ni Bernabe (tungkol sa kaniyang tinanggap na Ninyo ang mga utos: kung paririyan siya sa inyo, ay inyong tatangapin)" (Colosas 4:10) "12 At nang siya'y makapagnilay na, ay naparoon siya sas bahay ni Maria na ina ni Juan na may pamagat na Marcos; na kinaroroonan ng maraming nangagkakatipon at nagsisipanalangin.25 At nagbalik na galing sa Jerusalem si Bernabe at si Saulo, nang maganap na nila ang kanilang ministerio, na kanilang isinama si Juan na may pamagat na Marcos. (Mga Gawa 12:12, 25)*** Si Marcos o Mark ay maaring ang sumulat ng Evangelio ng Marcos. Ang halimbawa ni Pedro at ni Marcus at ng sinulat ni Pedro, ***''ni Marcus na aking anak",*** ay inilarawan sa atin ng diwa ng mensahe ngayon na ang matatanda at ang nakababata at dapat gumawang magkasama. *Ang matanda ay ama na may maputing buhok, kulang sa lakas, ngunit maraming karunungan. * Habang ang kabataan ay kayang lumundag at tumakbo ng mabilis, ng may buhok na maitim ngunit kailangan ng karunungan ng matanda na kayang magbigay ng Salita ng Dios at ng paggabay ng Dios sa mas malinaw na paraan.* Ang Banal na Kasulatan ay nagpapakita sa atin na si Pedro ay pumunta sa bahay ni Marcos na ***anak ng kapatid ni Bernabe, sa Mga Gawa 12:12,*** At ang parehong Marcos ay pumunta kay Saul at kay Bernabe sa ***Mga Gawa 12:25***. Si Marcos o Marcos na kilala ni Pedro na iniwan niya si Pablo at Bernabe sa kanilang paglalakbay bilang misyonaryo at nagdulot ng sakit kay Pablo. Ngunit ang parehong Mark ay pinuri ni Pablo pagkatapos sa ***Colosas 4:10*** matapos niyang gumawa muli ng maayos.

Si Pedro na nagsabi ng ***"Marcus, anak ko"***, kung ang parehong Marcos ng ***anak ng kapatid na babae kay Bernabe*** o ang kanyang sariling anak o mga disipulo ni Pedro ay hindi natin alam nang eksakto, ngunit kung ano ang sigurado tayo sa ***"Marcus, anak ko"***, na si Pedro ay nalulugod sa kanya, at ang kanilang kaugnayan sa buhay at ministeryo ay kaaya aya sa Dios at isang magandang halimbawa para sa atin ngayon na dapat magtulungan ang matanda at mas bata. Nang sabihin ni Pedro na ***"Marcus, anak ko, binabati kita",*** ibig sabihin alam ni Marcus ang nilalaman ng liham at sumasang-ayon siya rito; na ang mas bata ay dapat magpasakop sa matanda at ang matanda ay dapat pakainin ang mas bata at mangasiwa sa kanya, at iyon ang diwa ng mensahe sa ***1 Pedro kabanata 5.***

***"14 Mangagbatian kayo ng halik ng pagibig. Kapayapaan nawa ang sumainyong lahat na na kay Cristo." (1 Pedro 5:1-14)*** Ang kabanalan at ang pag-ibig ay kinakailangan sa katawan ni Cristo. Pinatotohanan ni Pedro ang pagtataksil na halik ni Judas kay Jesus, at dito ipinaalala sa kanila ang kabaligtaran sa inaasahan ng Dios mula sa kanila at mula sa atin ngayon. Sa gayong paraan ng pamumuhay, pagtanggap ng pagpapakumbaba at pagpapasakop sa kalooban ng Dios, at pagpapasakop sa isa't isa, pagpapatawad sa iba sa kanilang pagkakasala laban sa atin ay makakagawa sa atin na tanggapin ang biyaya ng Dios, at mabuhay sa kapayapaan ng Dios. Dahil sa COVID 19 ay nagpatigil sa atin sa pagyakap at paghalik sa isa't isa dahil ang ginagawa natin ay pagpapaimbabaw lamang at hindi tunay na pag-ibig. Ito ang tamang panahon ngayon para magsisi bilang mga matanda o mas bata na bumalik sa Dios at magpakumbaba sa ilalim ng Kanyang makapangyarihang kamay na mag aangat sa atin sa takdang panahon at magbibigay sa atin ng higit ng Kanyang biyaya.

***Sa aking Mahal at Minamahal:***

- *Ating ipakumbaba ang ating sarili sa harapan ng Dios*
- *Ating simulang matakot sa Kanya at lumakad sa Kanyang mga daan*
- *Bilang matatanda patuloy nating pakainin at pangasiwaan upang gabayan sila kung anong ating tinanggap mula sa Panginoon*
- *Bilang mga matanda huwag tayong manghina ng loob o matakot kapag tayo ay tinutulan, itinakwil o inuusig*
- *Gawin natin ang ating bahagi ng maayos sa pagpaparangal sa tinanggap natin sa Dios, pinahahalagahan ang ating kaligtasan at lahat ng ating tinanggap mula sa Panginoon. Kaya ating gawin ang ating bahagi patungo sa Kanya at sa Kanyang Simbahan, nababatid na si Jesus ay lubos na gagantimpalaan tayo ni Jesus kapag Siya ay bumalik*
- *Bilang nakababata ating ipakumbaba ang ating sarili sa mga matatanda at magpasakop sa Dios sa pamamagitan ng mga katuruan na ating natatanggap mula sa Dios sa pamamagitan ng buhay ng ating matatanda.*
- *Tayo'y magpasakop sa isa't isa sa pagiging may pananagutan sa isa't isa sa katawan ni Cristo.*

- *Ating isuko ang ating pagmamalaki, ang ating kayabangan, at ating sariling mga plano at kalooban*
- *Tayo'y magpakumbaba sa harapan ng Dios para tanggapin ang Kanyang biyaya at iyon ang magtataas sa atin sa takdang panahon*
- *Ibigay natin ang lahat ng ating mga kabigatan at mga alalahanin sa Dios sapagkat nakakatiyak tayo na Siya ay nagmamalasakit sa atin.*
- *Tayo ay mangagbantay at kilalanin, at sa pananalangin sa gayo'y ating malabanan ang diablo na umaaligid at sinusubukang silain ang mga nagmamayabang na may pagmamalaki at sa mga sumasalungat sa mga daan ng Dios.*
- *Tayo'y magtiwala at sumunod sa Dios na magpapasakdal sa atin, magtatag sa atin, at magbibigay-kakayahan sa atin malabanan ang diablo na ginagawa ng gayon sa lahat ng ating kapatiran sa buong sanglibutan*
- *Tayo'y mamuhay sa pagibig at kabanalan upang matanggap natin ang Kanyang biyaya at mamuhay nang payapa habang tayo ay nananalangin.*

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako'y lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan.*

*Panginoon ako'y nagpapasalamat para sa katuruan na aking tinanggap mula sa iyong Salita, na kailangan kong magpakumbaba sa iyong harapan at sa harapan ng iyong kalooban.*

*Panginoon ako'y nagsisisi mula sa sumusunod na mga kasalanan* ___________________________

*Panginoon Aking tinatalikuran ang pagmamalaki, kayabangan, kawalan ng kababaang loob, galit, pagdududa, kawalan ng pag-asa, walang pagpapatawad, madaling sumuko, paggawa ng sariling plano, kalooban at hangarin, kawalang kahandaang magpasakop sa matatanda, at isa't isa.*

*Panginoon Aking ipinapangako ang aking sarili sa mga tuntunin na aking tinaggap mula sa iyong Salita.*

*Sa pagiging matanda aking ipinapangako ang aking sarili na pakainin ang kawan at pangasiwaan pra protektahan ang mga tao at turuan sila at sanayin sila sa gayo'y makaya nilang harapin ang mga pangyayari sa hinaharap.*

*Sa pagiging mas bata, Panginoon aking ipinapangko ang aking buhay na magpasakop sa matatanda at sa iyong kautusan sa akin na aking natatanggap mula sa kanila.*

*Panginoon inilalagak ko ang aking kabigatan sa iyo. Panginoon ibinibigay ko sa iyo ang aking problemang ito. Panginoon ako'y nagtitiwala sa iyo na kaya mong lutasin ito at iyon ang magtataas sa akin sa tamang panahon.*

*Panginoon bigyan mo ako ng higit ng bunga ng Banal na Espiritu na magkaroon sa aking ng katangian at pag-uugali ni Jesus sa aking buhay. Panginoon gamitin ang aking buhay na maging mabuting halimbawa sa iba upang makilala ka at sumunod sa iyo sa pamamagitan ng aking buhay. Panginoon puspusin mo ako ng Banal na Espiritu na humayo at ipangaral ang iyong Salita at mag evangelio at abutin ang bagong mga tao at turuan sila.*

*Panginoon ako'y nanalanagin para sa aking mga kapatid na Lalake at Babae na ipinangako ang kanilang mga sarili sa layunin ng iyong mensaheng ito at ipinakumbaba ang kanilang mga sarili sa harap mo upan sundin at isalapat ang iyong Salita sa kanilang buhay, Panginoon pagpalain sila, bigyan sila ng higit ng iyong biyaya, Panginoon aliwin sila at itaas sila sa tamang panahon. Panginoon ingatan sila at lutasin ang kanilang mga suliranin. Panginoon ibigay sa kanila ang pagkakakilala para makita ang gawa ng diablo at labanan ito. Panginoon alalayan mo sila, at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan upang sila'y magpatuloy na maglingkod sa iyo. Panginoon higit sa lahat bigyan sila ng karunungan at kaalaman upang pangasiwaan ang mga usapin sa kanilang buhay ng naayon sa iyong kalooban. Panginoon dagdagan mo ang kanilang pananampalataya at ang kanilang pagtitiwala sa iyo at tulungan sila na magpatuloy at malampasan ang mga sigalot na nauna sa kanila. Panginoon makipaglaban ka sa kanilang ngalan at huwag hayaang ang kanilang kaaway ay humadlang sa kanila mula sa pagsulong.*

*Panginoon ako'y nanalangin na manguna ka sa amin bilang simbahan at pangunahan kami sa mga lansangan, gusali, lungsod, nayon, upang abutin ang mga tao at dalhin si Jesus sa kanilang buhay. Panginoon tulungan kami na ang aming buhay at halimbawa ay makaakit sa iba upang makilala ka at sumunod sa iyo. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu sa gayo'y kami'y yumaon at mag evangelio at gumawa ng bagong mga disipolo at buuin ang gawain na itinalaga para sa amin upang gawin. Panginoon tulungan kami na makapagtanim ng bagong mga pag-aaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami at palawakin ang aming lupain sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapamakan sa gayo'y hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos

United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com